Ang Intellectual Disability (ID Kapansanang Intelektwal), na tinatawag ding Intellectual Developmental Disorder (IDD, Sakit sa Intelektwal na Pag-unlad) ay isang terminong ginagamit kapag ang isang tayo ay may mga limitasyon sa kanilang kognitibong kakayahan at adaptive skills.

Ang Epilepsy (EP) ay isang neurolohikal na sakit na inilalawaran ng paulit ulit na kombulsyon. Maaaring kasama sa mga kombulsyon ang bahagi o ganap na pagkawala ng malay, hindi makontrol na paggalaw ng katawan, labis-labis na pagtulog, at pagkawala ng memorya.

Ang Cerebral Palsy (CP) ay isang grupo ng mga sakit na nakakaapekto sa kakayahan ng isang taong gumalaw at mapanatili ang balanse at postura. Ang CP ay sanhi ng hindi normal na pagbuo ng utak o pagkasira sa nabubuong utak na nakakaapekto sa kakayahan ng isang taong makontrol ang kanyang mga kalamnan.

Ang Autism Spectrum Disorder (ASD) ay isang sakit na nakakaapekto sa kakayahan ng indibidwal na makipag-usap, maunawaan ang wika, maglaro, at makisalamuha sa iba.

Layunin namin na tulungan kayo o ang inyong mahal sa buhay na makuha ang/ang/ mga suportang kailangan mo/nila.

Kung ikaw ay nakatira sa County ng San Diego, tumawag ka sa
(858) 576-2938

Kung ikaw ay nakatira sa County ng Imperial, tumawag ka sa
(760) 355-8383

Sentrong Panrehiyon ng San Diego
4355 Ruffin Road, San Diego, CA 92123
P (858) 576-2996 / F (858) 576-2873
www.sdrc.org

11-21-24 TA

Mga Serbisyo ng Panayam

S|D|R|C

Sentrong Panrehiyon ng San Diego

Paglingkuran ang mga Indibidwal na may Debelopmental na Kapansanan sa San Diego at Imperial Counties.

Ano ang Dapat Malaman

Ang Aming Misyon

Maglingkod at bigyan ng lakas ang mga taong may debelopmental na kapansanan at ang kanilang pamilya na makamit ang kanilang mga layunin kasama ang mga kasamahan sa komunidad.

Depinisyon ng Depelopmental na Kapansanan

Ang terminong “debelopmental na kapansanan” ay inilalarawan ang mga kondisyon na kinabibilangan ng mga kapansanang intelektwal, epilepsy, cerebral palsy, autism, at iba pang kondisyong katulad ng mga may Intelektwal na Kapansanan na nangangailangan ng paggamot na maihahambing sa kinakailangan ng mga taong may mga Intelektwal na Kapansanan.

Kailangang na masuri ng isang doktor na ikaw ay may kapansanang debelopmental bago ka umabot ng 18 taong gulang, at ang iyong kapansanan ay napatunayan na may matinding epekto sa inyong kapansanan at inaasahang magpapatuloy panghabang buhay.

Pagpalagayin natin na mayroon kang pag-aalala sa iyong mahal sa buhay o kaya sa iyong sarili at naghahanap ka ng impormasyon tungkol sa mga serbisyo o gutso mong magkaroon ng karagdagang impormasyon tungkol sa Debelopmental na Kapansanan, humingi ng tulong, o mga maari na mapagkukunan. Magsimula sa grupo ng mga Serbisyo sa Panayam (Intake Services.)

Anuman ang potensyal na pagiging kwalipikado, susuportahan at bibigyan namin kayo ng kaalaman upang tulungan kayo sa panahon ng inyong pangangailangan.

Upang makatanggap ng mga serbisyo ng SDRC, kailangan munang maging kuwalipikado ng mga indibidwal sa pamamagitan ng proseso ng panayam, kung saan malalaman namin kung matutugunan ng aplikante ang mga kwalipikadong kondisyon ng isang debelopmental o intelektwal na kapansanan. Karaniwan, susuriin namin ang kasaysayang sosyal, medikal at sikolohikal ng aplikante upang mabigyan kami ng malinaw na larawan ng sitwasyon ng indibidwal.

Ito ay libre para sa inyo o sa inyong pamilya para sa alinmang serbisyo o ebalwasyong ibinibigay sa panahon ng prosesong ito.

Simulan ang Proseso ng Panayam

Unang Hakbang

Bumisita sa aming website sa www.sdrc.org/apply, at kumpletuhin ang Electronic Initial Contact Form. Matapos isumite ang form, makikipag-ugnayan sa inyo ang intake coordinator (tagapag-ugnay ng panayam) sa loob ng 15 araw ng paggawa para sa karagdagang impormasyon.

O

Tawagan ang Intake Services (Mga Serbisyo ng Panayam) sa 858-576-2938 upang sabihan kami na nais ninyong mag-apply para sa mga serbisyo ng regional center. Tatawagan kayo ng intake coordinator sa loob ng 15 araw ng paggawa upang ipaliwanag ang proseso ng panayam at kumuha ng impormasyon tungkol sa inyo o sa aplikante.

Ikalawang Hakbang

Susuriin ng intake team ang impormasyon ng aplikante. Kung ikaw, o and iyong anak ay napagpasyahang angkop para as isang assessment, magkakaroon ng isang intake coordinator na naka-assign sa kaso at makikipag-ugnayan sa inyo para mag-iskedyul ng interbyu.

Inirerekomenda naming ibigay ninyo ang mga rekord sa paaralan, sikolohiyal na ebalwasyon, o mga nauukol na medikal na rekord (mainam na ang mga rekord bago naging 18 taong gulang).

Ang pagiging kwalipikado ng aplikante para sa mga serbisyo ng regional center ay pagpapasyahan sa loob ng 120 araw pagkatapos ng pagsisimula ng panayam.

Ikatlong Hakbang

Sa panahon ng pagpupulong, tutulong ang intake coordinator sa pagpapasya kung tamang ahensya ang SDRC para suportahan kayo o ang inyong anak. Ipapaalam nila ang pangkalahatang pananaw ng aming mga makukuhang serbisyo, magbibigay ng paliwanag sa proseso ng panayam, at pagpapasyahan kung kailangan ang dyagnostik na ebalwasyon.

Ikaapat na Hakbang

Pagaaralan ng eligibility team ang mga assessment ng aplikante. Sa oras na magawa ang desisyon, makikipag-ugnayan sa inyo ang intake coordinator tungkol sa katayuan ng inyong pagiging kwalipikado at sa mga rekomendasyon ng team.

Kung kayo o ang inyong anak ay kwalipikado para sa mga serbisyo ng regional center, mag-iiskedyul ng pagpupulong upang bumuo ng Individual Program Plan (IPP, Pang-indibidwal na Plano ng Programa) — isang planong aksyon na tumutukoy sa inyong mga hiling, serbisyo, at mga suportang kailangan ninyo upang maging mas malaya at makibahagi sa komunidad.

Kukumpletuhin ang plano sa loob ng 60 araw ng pagpapasya ng pagiging kwalipikado.

Inaprubahan para sa mga Serbisyo

Sa oras na kayo o ang inyong anak ay maging kliyente ng SDRC, makikipagtulungan kami bilang **tunay na katuwang** mula sa unang dyagnosis hanggang sa nagpapatuloy na suporta sa kabuuan ng buhay ninyo o ng inyong anak.

Ang mga Serbisyong Aming Ipinagkakaloob o Pinopondohan ay:

- Pagusuri o mga dyagnostik na ebalwasyon
- Pamamahala ng kaso o pag-uugnay ng serbisyo
- Pagbuo ng (IPP, Pang-indibidwal na Plano ng Programa)
- Mga serbisyo ng pagpaplano sa transisyon
- Mga serbisyo ng pagtatalaga sa lisensyadong residensyal na pasilidad
- Mga serbisyo ng malayang pamumuhay (Independent Living Services)
- Mga serbisyo ng sinusuportahang pamumuhay (Supported Living Services)
- Mga serbisyo ng suportadong trabaho (Supported Employment Services)
- Mga aktibidad ng pagsasanay sa araw/pang-araw na programa para sa nasa hustong gulang
- Mga ebalwasyon o serbisyo ng kasangguni
- Adbokasiya para sa proteksyon ng mga karapatang legal, sibil, at sa serbisyo
- Mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali
- Pahinga para sa tagapag-alaga
- Impormasyon at mga serbisyong referral
- Transportasyon

Hindi Inaprubahan para sa mga Serbisyo

Kung kayo o ang inyong anak ay hindi kwalipikado para sa mga serbisyo na nakapaloob sa depinisyon ng debelopmental na kapansanan ng regional center, ire-refer kayo ng intake coordinator sa iba pang mga mapagkukunan sa komunidad at isasara ang kaso. Kung kayo o ang inyong pamilya ay hindi sumasang-ayon sa desisyon, maaari ninyong iapela ang desisyon at bibigyan kayo ng impormasyon tungkol sa proseso.